

1.2.4 MGA PATAKARAN NG AHENSYA (Ipinagpatuloy)

1.2.4(v) Transparency at Access sa Patakaran sa Pamublikong Impormasyon

Nakatuon ang Inland Regional Center (IRC) sa pagtulong sa aming mga kliyente, pamilya, at tagapagkaloob ng serbisyo na maging mga maalam, aktibo, at matagumpay na kalahok sa sistema ng paghahatid ng serbisyo para sa mga may kapansanan sa pag-unlad. Naniniwala kami sa pagiging bukas at sa pagbibigay ng napapanahon, tumpak, at kumpletong impormasyon sa aming mga kliyente, pamilya, tagapagkaloob ng serbisyo, lupon, kawani, at sa pangkalahatang mamamayan.

Itinakda ang patakaran na ito upang maisulong ang pagiging transparent at pagkakaroon ng pananagutan, at matiyak ang napapanahong access sa pamublikong impormasyon tungkol sa center at mga serbisyong kinukuha namin. Ibinigay ang impormasyon nang alinsunod sa Seksyon 4629.5, 4639, at 4640.6(k) ng Welfare and Institutions Code (WIC), at sa Internal Revenue Service (IRS) at kontrata ng estado sa regional center. Kasabay ng pagbibigay ng access sa impormasyon, sumusunod din kami sa mga naaangkop na pederal na batas at batas ng estado tungkol sa pagkakumpidensyal ng impormasyon at mga rekord ng mga kliyente.

I. Upang maisulong ang pagiging transparent, isinama namin sa aming Website

ang sumusunod na impormasyon: 1. IRS Form 990 [§4629.5 (a)]

2. Mga taunang independent na pag-audit [§4629.5(b)(1)]

3. Mga pag-audit sa pananalapi na isinasagawa ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan sa Pag-unlad kada anim na buwan [§4629.5(b)(2)]

4. Mga taunang ulat ng regional center alinsunod sa Seksyon 4639.5 ng Lanterman Act [§4629.5(b)(3)]

(a) Isang kumpletong iskedyul ng kasalukuyang sahod para sa lahat ng klasipikasyon ng kawani

(b) Mga gastos sa naunang piskal na taon mula sa badyet ng mga operasyon ng regional center para sa lahat ng serbisyong administratibo, kabilang ang pamamahala, konsultasyon, accounting, kawani, ugnayan sa paggawa, at serbisyong legal, kinuha man ang mga ito sa ilalim ng nakasulat na kontrata o iba pa

5. Mga kahilingan para sa mga proposal at paggawad ng kontrata, kasama ang organisasyon o entidad na ginawaran ng kontrata, at ang halaga at layunin ng gawad [§4629.5 (a); §4629.5(b)(4)]

6. Mga patakaran sa pagkuha ng serbisyo ng regional center [§4629.5(b)(5)]

7. Ang pangalan, uri ng serbisyo, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng lahat ng vendor sa pagkuha ng serbisyo, maliban sa kliyente o mga miyembro ng pamilya ng mga kliyente [§4629.5(b)(6)]

8. Mga agenda ng pulong ng lupon at mga aprubadong minute ng mga bukas na pulong ng lupon at lahat ng komite ng Lupon [§4629.5(b)(7)]

9. Mga bylaw ng namamahalang lupon ng regional center [§4629.5(b)(8)]
10. Ang taunang kontrata sa pagganap at kontrata sa pagganap sa pagtatapos ng taon na pinapasok ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan sa Pag-unlad [§4629.5(b)(9)]
11. Ang biannual na pagsusuri sa programang Waiver ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad na isinasagawa ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan sa Pag-unlad at Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado [§4629.5(b)(10)]

1.2.4(v) Transparency at Access sa Patakaran sa Pamublikong

12. Ang patakaran sa pagiging transparent at pampublikong impormasyon na inaprubahan ng Lupon [§4629.5(b)(11)]
13. Ang patakaran ukol sa salungatan ng interes na inaprubahan ng Lupon [§4629.5(b)(12)]
14. Mga ulat na kinakailangan alinsunod sa Seksyon [§4629.5]
15. Isang link sa page sa internet website ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan sa Pag-unlad na tinukoy sa #17.
16. Mga sahod, sweldo, at benepisyong empleyado para sa lahat ng posisyon sa pamamahala kung saan ang pangunahing layunin ay ang administratibong pamamahala ng regional center, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga direktor at chief executive officer.
17. Magtatakda at magpapanatili ang Departamento ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan sa Pag-unlad ng isang transparency portal sa internet website nito na magbibigay-daan sa mga kliyente, pamilya, tagapagsulong, at iba pa na ma-access ang impormasyon ng tagapagkaloob ng serbisyo at regional center. Kasama sa impormasyong ipo-post sa transparency portal ng internet website ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan sa Pag-unlad ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:
 - (1) [Isang link sa impormasyon sa internet website ng bawat regional center na tinukoy sa subdivision \(b\)](#)
 - (2) [Mga bi-annual na piskal na pag-audit na isinasagawa ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan sa Pag-unlad](#)
 - (3) [Mga Pag-audit ng Vendor](#)
 - (4) [Mga bi-annual na pagsusuri ng programang Waiver ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad na isinasagawa ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan sa Pag-unlads at Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado.](#)
 - (5) [Mga bi-annual na pagsusuri ng programa ng pamamahala ng naka-target na kaso at pederal na pagreporma ng nursing home na isinasagawa ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan sa Pag-unlad .](#)
 - (6) [Mga pagsusuri ng Programa ng Maagang Pagsisimula na isinasagawa ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan sa Pag-unlad .](#)
 - (7) [Mga ulat ukol sa taunang kontrata sa pagganap at kontrata sa pagganap sa pagtatapos ng taon.](#)
18. Magtatakda at magpapanatili ang Departamento ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan sa Pag-unlad ng isang page sa internet website nito na kinabibilangan ng parehong listahan ng mga serbisyong kinuha ng mga regional center, o mga serbisyong ibinigay nang direkta ng mga regional center sa mga kliyente, at maikling paglalarawan ng mga serbisyong iyon.
19. Dapat i-post ng IRC ang buong nilalaman at pinakabagong packet ng impormasyon na kaugnay ng mga serbisyong ibinigay sa ilalim ng California Early Intervention Services Act at Lanterman Developmental Disabilities Service Act (Lanterman Act).

- 1.2.4(v) Transparency at Access sa Patakaran sa Pampublikong
20. Anumang alituntunin, patakaran, o tool sa pagtatasa na ginagamit ng IRC para tukuyin ang mga pangangailangan sa serbisyo ng transportasyon, personal assistant, o independent o suportadong pamumuhay ng aming mga kliyente.
 21. Isang link sa ahensya para sa proteksyon at adbokasiya na itinalaga alinsunod sa Dibisyon 4.7 (mula sa Seksyon [§4900]) at sa nakakontratang tagapagsulong ng mga karapatan ng mga kliyente alinsunod sa Seksyon [§15610.20].

1.2.4(v) Transparency at Access sa Patakaran sa Pamublikong

22. Isang link sa Dashboard ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan sa Pag-unlad, at sa dashboard ng IRC na naglalaman ng mga sumusunod:
 - (1) Mga kinikilalang hakbang para sa kalidad at access.
 - (2) Mga hakbang na nagpapakita ng pagsunod sa mga pederal na panuntunan sa Waiver ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad (CMS 2249-F at CMS 2296-F).
 - (3) Mga hakbang upang suriin ang mga pagbabago sa bilang ng mga kliyente na nagtatrabaho sa competitive integrated employment.
 - (4) Ang bilang ng mga reklamo na isinumite sa Departamento alinsunod sa Seksyon 4731(c), para sa bawat 1,000 kliyente na sineserbisyuhan.
 - (5) Ang bilang ng mga administratibong patas na pagdinig na ginanap alinsunod sa Kabanata 7, Artikulo 3 (mula sa Seksyon [§4710]), na hinati ayon sa mga isyu sa pagiging kwalipikado at serbisyo, para sa mga indibidwal na may edad tatlo pataas, para sa bawat isang libong serbisyo sa kliyente.
23. Dapat i-post ng IRC ang lahat ng ulat na partikular sa IRC na binuo ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa May Kapansanan sa Pag-unlad alinsunod sa datos na nakolekta mula sa, at napag-alaman sa, instrumento sa pagtiyak ng kalidad na inilarawan sa Seksyon [§4571(b)].
24. Dapat mag-post ang IRC alinsunod sa Seksyon [§4519.2] na Datos sa Pagsunod sa Pinal na Panuntunan sa Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad na naglalaman ng mga sumusunod:
 - (1) Ang bilang ng mga provider na natukoy na nangangailangan ng pagtatasa para sa pagsunod sa HCBS, na hinati ayon sa uri ng provider, gaya ng tinukoy ng Departamento.
 - (2) Ang bilang ng mga provider sa bawat uri ng provider na nasiyasat o nasuri para sa pagsunod sa HCBS.
 - (3) Ang bilang ng mga provider sa bawat uri ng provider na natukoy na sumusunod sa mga alituntunin ng HCBS.
 - (4) Ang bilang ng mga provider sa bawat uri ng provider na natukoy na hindi sumusunod sa HCBS at ang dahilan ng hindi pagsunod.
 - (5) Ang bilang ng mga provider, na hinati ayon sa uri ng provider, na itinuturing na may mga kwalipikasyon ng isang institusyon, gaya ng inilalarawan sa Pamagat 42, Seksyon [§441.301] (c)(5)(v) at [§441.710(a)(2)(v)] ng Code ng Mga Pederal na Regulasyon.
25. I-post ang impormasyon tungkol sa pagsasanay at suporta sa mga miyembro ng lupon.

1.2.4(v) Transparency at Access sa Patakaran sa Pampublikong

- II. Magbibigay din ang IRC ng access sa pampublikong impormasyon na maaaring hindi kasama sa aming Website, o upang tulungan ang mga miyembro ng aming komunidad na maaaring hindi kaagad nakaka-access sa internet.

Kapag hiniling sa kasulatan, magbibigay ang IRC ng napapanahong access ng publiko sa impormasyon na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

1. Mga rate para sa tagapagkaloob ng serbisyo. [§4629.5 (a)]
2. Dokumentasyong kaugnay ng pagtatakda ng mga napagkasunduang rate. [§4629.5 (a)]

Papanatilihin ng IRC ang pinakabagong dokumento o rekord na kinakailangan ng WIC [§4629.5] sa website nito. Magiging available ang lahat ng nakaraang dokumento at rekord kapag hiniling ito ng publiko.

Pamamaraan

Dapat hilingin sa pamamagitan ng sulat ang mga kahilingan para sa pampublikong impormasyon na wala sa Website ng IRC, at ipadala ito sa regional center sa pamamagitan ng US Mail, fax, o e-mail, at nakadirekta dapat ito kay:

Lavinia Johnson, Executive Director
Inland Regional Center
P.O. Box 19037
San Bernardino, CA 92423
Fax: (909) 890-3001
sguzman@inlandrc.org

- III. Bukod sa pagbibigay ng pampublikong impormasyon na binanggit sa itaas, nagsisikap ang IRC na makapagbigay ng mahalaga at makabuluhang impormasyon sa aming mga kliyente, pamilya, at tagapagkaloob ng serbisyo. Sa pamamagitan nito, nakapagbibigay kami ng karagdagang impormasyon sa Website ng IRC na gaya ng:
1. Isang kalendaryo na naglalaman ng mga paparating na aktibidad ng IRC; Mga balita at tala na may kinalaman sa komunidad ng regional center at sa buong komunidad;
 2. Isang listahan ng mga miyembro ng lupon ng IRC;
 3. Impormasyon tungkol sa kasaysayan, misyon, at pangunahing pagpapahalaga ng regional center;
 4. Impormasyon tungkol sa pagiging kwalipikado ng regional center at mga serbisyo ng regional center.
 5. Impormasyon tungkol sa karapatan sa apela at mga pamamaraan sa apela;
 6. Mga grupo ng suporta para sa mga magulang, link, at mapagkukunan.

1.2.4(v) Transparency at Access sa Patakaran sa Pampublikong
Ang patakaran ng Lupon na ito ay dapat i-post at panatilihin sa Website ng IRC.
Ang patakarang ito ay pinagtibay ng Inland Counties Regional Center, Inc. Board of Trustees
noong Enero 9, 2012.